## ANG DALAWANG TULA NG ATLETA

*Ernesto S. Deato, Jr.*

| | | |
|---|---|---|
| | **Marami** | |
| ang yumurak | | ang nagbunyi |
| | **nang** | |
| minsan siyang humingi ng tulong. " | | makamit niya ang unang ginto ng bansa. " |
| | **sumasabay** | |
| lang iyan sa sitwasyon." | | ito sa *golden era* ng isports dahil sa pamahalaan." |
| | **sa** | |
| pahayag pa ng opisyal | | pahayag pa muli ng opisyal, "ang |
| | **tagumpay** | |
| nilang itinuturing ang kampanya | | niya ay tagumpay rin |
| | **ng** | |
| pamahalaan na maglabas ng | | sambayanan. Nagkaroon ng |
| | **isang** | |
| listahan ng kaaway kasama ang pangalan ng | | listahan ng mga pangako habang nag-uunahang silang maitaas ang kamay ng |
| | **atleta** | |

**Ang Dalawang Tula ng Atleta**

***Maaaring basahin ito sa dalawang paraan: mula sa gitna-kaliwa-gitna-kaliwa… at patuloy o gitna-kanan-gitna-kanan… patuloy.*